

B.E.C sa Sta. Teresita (History of BEC in Sta. Teresita Parish)

Ang B.E.C. sa Sta.Teresita ay nagsimula noong maliit na kapilya pa lamang ito sa ilalim ng Parokya ng Mater Dolorosa. Tinawag itong B.C.C o Basic Christian Community na kung saan may tatlong clusters dito sa West Rembo. Ito ay sa Upper Plaza, Zero Block at 15th street na pinadadaloy at pinamamahalaan ng mga legionaries.

Sumailalim sa pangangalaga ng mga Montfort Missionaries ang bagong tatag na parokya ng Santa Teresita. Si Fr. Jose Luis Sandoval, SMM ay nagsimulang manungkulan bilang kura paroko noong March 1992. Sa pamamagitan ng Movement for a Better World (MBW) ipinaliwanag ang konsepto ng New Image of the Parish Program sa mga aktibong miyembro at binigyang diin ang kahalagahan nito para sa nagsisimulang parokya. Dito na bumuo ng Organizational Chart, na binubuo ng 12 Core Group, mga Area Coordinating Teams at Family Representatives. Minsan sa isang linggo nagpupulong ang mga Core Group para planuhin ang ibat ibang mga gawain. Gumawa rin ng pangkabuuang plano sa susunod na sampung taon. Ito ay pinaparating at ipinapaliwanag sa bawat Sona.

Nang ilipat na si Fr. Jose, at pumalit si Fr. Ariel bilang kura paroko unti-unti nang nababago ang Mission para sa pagpapalawig na nang pangarap. Naglalayon ito na mas lalong dumami ang mga clusters at mapatatagang mga ito. Nagpatuloy ang buhay parokya hanggang dumating si Fr. Joseph Pastoril na nagsagawa ng ibang ibang plano. Si Fr. Nelson Cabañero, SMM naman ang humalili at pagkatapos ng tatlong taon ay Fr. Ramon Pedroza, SMM naman ang pumalit. Nag patuloy lang ang buhay sa B.E.C., hanggang bumalik muli si Fr. Ariel Aquino, SMM. Bumuo siya ng isang plano katuwang si Fr. Ting, Fr. Rene, Fr. Sherwin, at Bro. Joel Padua. Nagbigay ng Formation sa mga Lay Minister at LE/COM para maging matagumpay at maipagpatuloy sa mga B.E.C. Cluster,

Noong November 2011 nagbigay ng Trainors/Trainee ang Archdiocese of Manila B.E.C Team na dinaluhan ni Bro. Val Canilao at Sis. Tita Ramos sa Claret House Quezon City. Pagkatapos mag-aral ng dalawang araw, ito ay aming ini-echo sa aming kura Paroko na si Fr. Ariel Aquino sa tulong ni Bro. Joel Padua. Bumuo ang Parokya ng Formation Team para kami naman ang magbigay ng Pagsasanay. Ito ay naisasagawa sa dalawang bahagi na tinawag na 4SPAM o Apat na Sabadong Pamukaw Malay. Ang unang bahagi ay ginawa noong January/February/March at May, ang pangalawang bahagi ay ginanap noong July/August/September/October.

Noong unang araw ng Hunyo si Fr. Richard Magararu, SMM ang humalili bilang bagong kura paroko. Nagbigay siya ng inspirasyon sa mga dumalo nang naturang seminar. Binigyang diin niya na tayong aktibong miyembro ang dapat magbigay ng halimbawa sa ating komunidad upang palakasin ang B.E.C sa pamamagitan ng sama-samang pakikilahok sa mga maliliit na grupo. Sila dapat ang magbigay ng inspirasyon upang makaakay ng marami pang miyembro na aktibong makikilahok sa gawaing ito. Ito ang pangarap na nais matamo: ang ating parokya na maging community of communities, isang pulutong ng mga pulutong na ginagabayan ng halimbawa na nasasaad sa gawa ng mga apostol, **GAWA 4:33-35**. Ito ang pangarap ng pamunuan na ng mga laikong nagpapahayag ng Mabuting Balita tungo sa **Munting Sambayanang Kristiyano**.